



キミと一緒に、育っていきたい。
Komaki

Lungsod ng Komaki

Plano sa Pagtaguyod ng


Multikultural na

Symbiosis

Ika-2 Plano



Buod na Bersyon (フィリピン/タガログ語)



Ano ang plano sa pagtaguyod ng multikultural na symbiosis ng Lungsod ng Komaki?

Ito ay isang plano na naglalahad ng mga batayan na pag-iisip at papel na gagampanan, at asal ng mga mamamayan ng Lungsod ng Komaki upang maitaguyod ang multikultural na symbiosis. Noong Marso ng taong 2011, ang lungsod ay nagbuo ng isang plano sa pagtaguyod ng multikultural na symbiosis (unang plano). Mula noon, dumami ang populasyon ng mga dayuhan, dumami rin ang uri mga dayuhang nasyonalidad, atbp, at upang matugunan ito binago ang mga nilalaman ng unang plano upang magpatuloy sa layunin na [isang bayan na multikultural na symbiosis], binuo ang [plano sa pagtaguyod ng multikultural na symbiosis (ika-2 plano) (tatawaging [plano] sa sumusunod)].

○●Daloy hanggang sa pagbago ng plano●○

1 Pag-unawa sa katayuan ng pagkamit ng layunin


Tiniyak ang katayuan ng nakamit sa mga layunin ng unang plano at kinumpirma ang hindi naisagawang mga nilalaman.

2 Survey na palatanungan

Nagsagawa ng isang survey na palatanungan (ika-2 Survey ng Komaki) na tinutugunan ang mga dayuhang residente at mamamayang Hapon upang maunawaan ang kasalukuyang mga problema.

3 Pag-ipon ng mga kuru-kuro sa bawat kumperensya at workshop

Pinag-usapan ang tungkol sa mga problema ng multikultural na pagsasama-sama at mga kinakailangang isagawa sa workshop na sinapiang ang mga dayuhan at Hapon na mamamayan ng lungsod, at sa pagpupulong ng lungsod.



Kung ihahambing sa panahon na nabuo ang unang plano, nagbago nang malaki ang bilang ng mga dayuhang residente at ang uri ng kanilang mga bansa sa Lungsod ng Komaki.



~Upang mabuo ang ika-2 plano mula taong 2020~

Mga puntos sa pagbago ng plano

~Mga pangunahing pagbabago ng ika-2 plano~

- ◆Punto ① Pagandahin ang pagpapalaganap ng impormasyon sa mga dayuhang mamamayan!
- ◆Punto ② Paghusayin ang mga pagsisikap na may kaugnayan sa mga bata!
- ◆Punto ③ Gawing mas madaling maunawaan ang mga tungkulin at layunin!

Ang pangunahing paraan ng pag-iisip na nasa plano


Sa pagsikap upang magkaroon ng isang [bayan na multikultural na nagsasama-sama], mahalagang kilalanin ang "pagkakaiba" sa nasyonalidad, lahi, kultura, at wika sa ating pang-araw-araw na buhay, at itaguyod ang pagsuporta sa isa't isa at pagsasaalang-alang sa isa't isa. Sa pamamagitan ng pagkaroon ng ganitong puso, ang mga mamamayan ng Komaki ay makakatayo ng sarili, mapaparami ang lumalahok sa lokal na komunidad, at makalikha ng isang bayan na ang bawat tao ay nakakapamuhay na may ngiti.

Diagram ng sistema ng plano

Bersyong [Palawakin ang kayang gawin] (Fiscal 2020~2027)

Salawikain

Lahat ay [mamamayan ng Lungsod ng Komaki], isang bayan na lahat ay nagtutulungan at nakakapamuhay na may ngiti.



●○ Ang nilalaman ng mga 「pagsisikapang bagay」 ○●

Pagsisikapang bagay ①

Gawing isang bayan na ang mga hakbang sa pag-iwas sa sakuna ng bawat tao ay 100 puntos.



Para sa mga dayuhang mamamayan na pumunta sa Japan mula sa isang bansang walang lindol, wala silang karanasan at hindi alam kung ano ang gagawin. Ang mga hakbang sa pag-iwas sa sakuna ay mahalaga sa buhay ng mga tao, at naniniwala kami na mahalaga para sa mga lokal na residente na makilala ang bawat isa sa araw-araw na pamumuhay.

Mga bagay na dapat subukang gawin (isang bahaging sipi)

(Mamamayan) • Sinusuportahan ang mga pagsaling-wika, pagpapalano, at pamamahala upang maunawaan ng mga dayuhang mamamayan ang mga pagsasanay sa pag-iwas sa sakuna na isinasagawa ng mga lokal na komunidad, mga may kaugnayang organisasyon, at ng lungsod.

(Komaki International Association (KIA))

- Nanawagan para lumahok sa mga pagsasanay at mga lektura sa pag-iwas sa sakuna sa mga lokalidad, mga may kaugnayang organisasyon, at ng lungsod.
- Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pagsasanay sa pag-iwas sa sakuna para sa mga dayuhang mamamayan, maitataguyod ang kamalayan sa pag-iwas sa sakuna sa kanila.

(Lungsod ng Komaki) • Ilagay ang ng impormasyon sa sakuna tulad ng mga notipikasyon sa evacuation site kung sakaling magkaroon ng sakuna, sa mga magasin ng impormasyon sa pamumuhay para sa mga dayuhan at website para sa mga dayuhan.

Pagsisikapang bagay ②

Paramihin ang mga lumalahok sa mga aktibidad tulad ng mga Asosasyon ng mga Residente, atbp.



Para sa mga dayuhang mamamayan na lumaki sa isang bansa na walang samahang tinatawag na Asosasyon ng mga Residente, kinakailangan ang oras upang maunawaan ang papel na ginagampanan nito. naniniwala kami na sa pamamagitan ng aktibong paglahok sa mga lokal na aktibidad bilang isang mamamayan ng Lungsod ng Komaki, ang bawat isa ay makakatulong sa bawat isa at makakapamuhay na may ngiti.

Mga bagay na dapat subukang gawin (isang bahaging sipi)

(Mamamayan) • Sa oras ng mga pagpupulong ng komunidad, atbp, nagbibigay ng [Patnubay sa Asosasyon ng mga Residente] ng mga residente at nagtatawag para sa sumapi sa Asosasyon ng mga Residente (ward).

(Asosasyon ng mga Residente (ward) at ang Konseho ng Rehiyon)

- Sa pakikipagtulungan sa mga dayuhang mamamayan, mga samahan ng mga dayuhang, atbp, makakagawa ng mga pagkakataong maraming mga dayuhang mamamayan ang makakalahok sa mga kaganapan at events ng mga asosasyon ng mga residente, atbp.

(Lungsod ng Komaki) • Upang maitaguyod ang pag-unawa at paglahok sa mga Asosasyon ng mga Residente (ward) ng mga dayuhang mamamayan, ang [Patnubay sa Asosasyon ng mga Residente] (bersyong multilingual) ay ipinamimigay sa bawat ward.

Pagsisikapang bagay ③

Gawin na maaaring malaman ng lahat ang mga impormasyon sa pamumuhay.



Karamihan sa mga impormasyong kailangan para sa araw-araw na pamumuhay ay nakasulat sa wikang Hapon, kaya mas mahirap para sa mga dayuhang mamamayan na maunawaan ito kaysa sa mga mamamayang Hapon. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng madaling maunawaang impormasyon sa mga dayuhang mamamayan, at pag-alam sa mga impormasyong kanilang kailangan sa araw-araw na pamumuhay, naniniwala kami na magiging isang katalista ito sa pakikipag-ugnayang ng mga mamamayang Hapon at dayuhang mamamayan.

Mga bagay na dapat subukang gawin (isang bahaging sipi)

(Mamamayan) • Gumawa ng mga pagkakataon para sa mga dayuhang mamamayan upang malaman ang mga impormasyon at mga patakaran na kinakailangan para sa buhay, kung paano makakuha ng mga impormasyon, atbp.

(Komaki International Association (KIA))

- Habang nakikinig sa mga kuru-kuro ng mga dayuhang mamamayan na nais matuto ng wikang Hapon, palalawakin ang mga klase ng wikang Hapon.

(Kompanya) • Simula sa pagkuha ng mga tagapagsaling-wika, gagamit ang mga tagapagsaling-wika sa telepono o awtomatikong pagsasalin-wika kung kinakailangan upang tumugon sa mga empleyado sa iba't ibang wika.

(Lungsod ng Komaki) • Itataguyod ang paglagay ng letrang katakana o hiragana sa mga letrang kanji, atbp, ang pagbago ng mga nakasulat sa madaling maintindihang wikang Hapon at pagsasalin sa iba't ibang wika ng homepage ng lungsod, bawat patnubay na dokumento at mga karatula.

Pagsisikapang bagay ④

Bigyan suporta ang [multikultural na symbiosis] ng mga bata.



Napakahalaga para sa isang bata na may banyagang pinanggalingan na magkaroon ng kumpiyansa sa sariling pinanggalingan. Sa kasalukuyan, maraming mga magulang ang nagdadala ng kanilang anak mula sa kanilang bansa. Habang nagsusulong ang [pagsagawa ng bayan na multikultural na symbiosis], naniniwala kami na mahalagang mapag-aralan ang multikultural na symbiosis mula bata pa.

Mga bagay na dapat subukang gawin (isang bahaging sipi)

(Mamamayan) • Sinusuportahan ang pagsasalin-wika, pagpapalano, at pamamahala ng mga kaganapan ng lokalidad, mga may kaugnayang organisasyon, at ng lungsod kung saan matututunan ng mga bata ang kultura at kaugalian ng kanilang bansa at mga dayuhang bansa, at maaaring malaman ang tungkol sa [multikultural na symbiosis], at hinihikayat ang paglahok ng mga bata.

(Asosasyon ng mga Residente (ward) at ang Konseho ng Rehiyon)

- Nagpapalano ng mga kaganapan upang matutunan ng mga bata ang kanilang wika at ang kultura at kaugalian ng mga dayuhan, at hinihikayat ang paglahok. Gumagawa ng mga pagkakataong ang mga bata ng dayuhang mamamayan ay maaaring lumahok sa mga kapistahan at mga kaganapan.

(Komaki International Association (KIA))

- Pinapahusay ang pre-school para sa mga bata na may banyagang pinanggalingan bago pumasok sa elementarya.
- Maghahanda ng isang lugar na maaari mapag-aralan ang kultura at kaugalian ng sariling bansa at mga dayuhang bansa habang nakikipag-ugnay ang mga dayuhang bata at mga batang Hapon.

(Lungsod ng Komaki)

- Gagawing multilingual ang [website ng Komaki City para sa pagpalaki ng anak] at ipapatalastas ito.
- Makikipagtulungan sa mga NPO, atbp, upang suportahan ang mga pagsisikap ng mga sumusuporta sa pag-aaral ng mga anak ng mga dayuhang mamamayan.

Pagsisikapang bagay ⑤

Alamin ang mga pagkakaiba-iba ng bawat nasyonalidad, lahi, kultura, wika, atbp.



Kahit na ang mamamayang Hapon at dayuhang mamamayan ay parehong nagnanais na [makipag-ugnayan at mamuhay na nagkakaisa, naisipan naming hindi ito matamo dahil sa mga [hindi alam] na bagay. Naisipan din namin na kapag nakilala ng mamamayan ng Lungsod ng Komaki ang bawat isa, malalaman din nila na [kaibahan] ng nasyonalidad, lahi, kultura at wika.

Mga bagay na dapat subukang gawin (isang bahaging sipi)

(Mamamayan) • Upang makapag-komunika sa mga dayuhang hindi sanay sa wikang Hapon, gamitin ang madaling maintindihang wikang Hapon o iba't ibang wika.

(Komaki International Association (KIA))

- Nilalayan na pag-aralan ang tungkol sa kultura, kaugalian at mga sistema ng mga dayuhang bansa, sariling bansa, at bansang Hapon upang mapahusay ang mga kaganapang nagtuturo ng kahalagahan ng multikultural na symbiosis.

(Unibersidad)

- Nilalayan na pag-aralan ang tungkol sa kultura, kaugalian at mga sistema ng mga dayuhang bansa, sariling bansa, at bansang Hapon, at gagawan ng paraan na mapalahok ang mga batang hererasyon tulad ng mga mag-aaral sa junior at senior high school, atbp, at ang mga dayuhang mag-aaral sa mga kaganapang nagtuturo ng kahalagahan ng multikultural na symbiosis.

(Lungsod ng Komaki)

- Ipamimigay ang plano at plano (buod na bersyon) sa counter at bawat pasilidad ng pampubliko, habang isasagawa na maaari itong ma-download mula sa website.

Maliban dito marami pang mga bagay ang susubukan.

Tignan lamang ang orihinal na kasulatan ng plano.



Paglalagay

Ang planong ito ay isang hiwalay na plano para sa pagtaguyod ng [multikultural na symbiosis] sa ilalim ng [Plano sa Pagtaguyod ng Pagsagawa ng Bayan ng Lungsod ng Komaki]. Ang pagtataguyod ng [multikultural na symbiosis] ay isusulong batay sa mga sumusunod na layunin na itinakda ng mga SDG (layunin sa pag-unlad na maipagpapatuloy).



Panahon ng plano at ang pagsukat ng progreso

Ang plano na ito ay may tagal na 8 taon fiscal 2020 hanggang 2027.

Sa lungsod, malalaman ang katayuan ng progreso (rate of progress) ng mga layunin ng plano sa pamamagitan ng mga workshop ng mamamayan at survey ng lungsod.

【Panahon ng Plano】

Taong 2019	Taong 2020	Taong 2021	Taong 2022	Taong 2023	Taong 2024	Taong 2025	Taong 2026	Taong 2027
Pagbuo	 Workshop para sa mga mamamayan						Survey na palatanungan para sa mga mamamayan	Pagrepaso ng binagong plano

Paliwanag ng mga terminolohiya

Terminolohiya	Paliwanag
Multikultural na symbiosis	Kinikilala ng mga taong may iba't ibang nasyonalidad at lahi ang pagkakaiba sa kultura ng bawat isa at sinisikap na magtatag ng pantay-pantay na relasyon, habang namumuhay bilang mga miyembro ng lokal na komunidad.
Mamamayan ng Lungsod ng Komaki	Lahat ng mga taong may ugnay sa Lungsod ng Komaki sa kanilang araw-araw na pamumuhay, tulad ng mga nakatira at nagtatrabaho sa Lungsod ng Komaki, atbp.
Dayuhang mamamayan ng lungsod	Karaniwan, ang tinutukoy nito ay mga taong banyaga ang nasyonalidad, ngunit sa planong ito kasama rin ang mga taong may nasyonalidad ng bansang Hapon ngunit may banyagang pinanggalingan. Ang mga mamamayan ng Lungsod ng Komaki maliban sa mga dayuhang mamamayan ay tinukoy na [mamamayang Hapon].
SDG (Mga layunin sa pag-unlad na maipagpapatuloy)	Ito ay isang pandaigdigang layunin na pinagtibay ng 2015 UN Summit upang maisagawa ang isang napapanatiling mundo. Binubuo ng 17 na mga layunin at 169 na target, nangangako ang lahat na hindi iiwanan ang sinuman sa mundo.



Binago / Nilathala Hulyo 2020

Lungsod ng Komaki

Multicultural Symbiosis Promotion Room, Civic Life Department

3-1-1 Horinouchi, Komaki City, Aichi Prefecture 485-8650

Telepono: 0568-72-2101 (pangunahing numero)

<http://www.city.komaki.aichi.jp/>